
## Samuel

(1 Samuel 1-3)



May isang babaeng nagngangalang Hannah na laging malungkot at umiiyak sapagkat wala siyang anak. Sa kanyang mithiin na magkaroon ng anak, nanalangin siya sa Diyos at nangako na kapag siya ay pagkalooban ng anak ay kanya itong itatalaga sa paglilingkod sa Diyos sa buong buhay nito. Tinugon ng Diyos ang kanyang panalangin, at ipinanganak ni Hannah si Samuel.

Tulad ng ipinangako, nang si Samuel ay nasa sapat nang gulang, dinala ni Hannah si Samuel sa tabernakulo sa Shiloh upang manirahan at maglingkod sa Diyos sa ilalim ng mataas na saserdote na si Eli. Lumaki si Samuel sa tabernakulo, natutunan ang mga kalooban ng Diyos, at nagsilbi nang tapat sa ilalim ng gabay ni Eli.

Isang gabi, habang natutulog si Samuel sa tabernakulo, siya ay nakarinig ng isang tinig na tinatawag  ang kanyang pangalan. Iniisip niya na si Eli ang tumawag sa kanya, kaya't siya ay tumakbo patungo sa kanya, ngunit sinabi ni Eli na hindi niya ito tinawag. Ito ay nangyari ng tatlong ulit at nung ikatlong pagkakataon napagtanto ni Eli na ang Diyos ang tumatawag kay Samuel. Sinabi niya kay Samuel na sa susunod na muli niyang marinig ang tinig, siya ay sasagot ng, " Magsalita po Kayo Panginoon. Ang lingkod Mo ay nakikinig."

Ipinarating ng Diyos ang Kanyang mensahe kay Samuel, na siya namang inihatid ni Samuel kay Eli at sa mga taong nais ng Diyos na bigyan ng mensahe. Ang tawag sa kanya ay propeta, ang tagapaghatid ng mga mensahe mula sa Diyos para sa mga tao ng Israel. Mula sa oras na iyon, naging kilala na si Samuel bilang propeta ng Diyos.

Sa panahon ng pamumuno at pagiging propeta ni Samuel, siya ang naghirang kay Saul bilang unang hari ng Israel sa utos ng Diyos. Siya rin ang inatasan ng Diyos na ihatid ang balitang ng pagkahirang kay David, isang batang pastol, bilang magiging hari ng Israel kapalit ni Saul.

Nilaan ni Samuel ang kanyang buong buhay sa paglilingkod sa Diyos bilang propeta at hukom ng bayang Israel.

Ang Diyos ay may plano para sa bawat isa sa atin. Ang kuwento ni Samuel ay naglalarawan kung paano nagkaroon ng espesyal na plano ang Diyos para sa kanyang buhay mula sa murang edad. Ang Diyos ay may kakaibang layunin para sa bawat isa sa atin. Natuklasan mo na ba ang espesyal na plano para sa iyo ng Diyos?

